# Sulyap sa Buhay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang Out-of-field: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri

## (A Glimpse into the Lives of Teachers Teaching Filipino Out-of-field: A Phenomenological Analysis)

**William S. Augusto Jr.**
augustow@cnu.edu.ph
Cebu Normal University, Philippines

**Abstrak** Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri at mailarawan ang karanasan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field*. Ginamit sa pag-aaral ang *Husserlian Descriptive Phenomenology at Colaizzi's Seven Steps of Data analysis* sa paglalarawan at pagsusuri sa karanasan ng mga gurong *out-of-field* sa Filipino. Binubuo ng limang gurong nagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field* ang pinili gamit ang *purposive sampling*. Apat ang natuklasang klaster na tema sa pag-aaral na ito: *labag sa kalooban, balakid sa pagtuturo, paraan sa paglagpas ng hamon, at benepisyo sa pagtuturong out-of-field*. Ipinahiwatig sa kinalabasan ng pag-aaral na ito na ang karanasan ng mga gurong nasa *out-of-field* ay pinaghalong positibo at negatibo. Kaya, inirekomenda nito na ang mga namamahala sa mga paaralan ay magkaroon ng polisiya sa *recruitment process* na may kaugnayan sa pagtuturong *out-of-field.* Kailangang mabigyan rin ang mga gurong nasa ganitong posisyon ng angkop na seminar o pagsasanay at monitoring.

***Mga Susing Salita:*** Filipino, karanasan, out-of-field, penomenolohikal

Suggested Citation: Augusto, W. S., Jr. (2020). Sulyap sa Buhay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang Out-of-field: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri. *The Normal Lights*, *14*(2), 195 – 220.

**Abstract** *This study aimed to analyze and describe the lived experiences of out-of-field teachers in Filipino. It utilized the Husserlian Descriptive Phenomenology and Colaizzi's Seven Steps of Data analysis to describe and explore the lived experience of the out-of-field teachers in Filipino. There were five out-of-field teachers who participated in this study who were chosen purposively. Analysis of the qualitative data resulted to four clustered themes: against the will, obstacles in learning, ways of adapting the challenge and benefits in out-of-field teaching. This result of the study implied that teachers who were in this kind of teaching encountered both positive and negative experiences. Thus, it is suggested that supervisors of the different schools must have corresponding policy in their recruitment process related to out-of-field teaching. Seminars and proper monitoring may also be provided to all teachers who are in this situation.*

***Keywords:*** Filipino, experience, out-of-field, phenomenological

## Panimula

Ang pagtuturong *out-of-field* ay isang pandaigdigang problema (Kim, 2011). Sa katunayan, ayon kay Ramsay (2013) ang kasalukuyang bilang ng mga gurong *out-of-field* sa bansang U.S.A sa antas sekondarya ay nasa humigit kumulang 22% at 23% naman sa mga gurong nasa *middle school*. Ganito rin ang problema sa bansang Australia kung saan maraming guro sa kanila ang nagtuturo na hindi akma sa kanilang kasanayan sa disiplina. Sa report ng *Australian Council for Educational Research*, dalawampu't anim na porsiyento (26%) ng mga gurong nagtuturo sa taong ikapito hanggang ikasampu *ay out-of-field* (Weldon, 2015).

Sa Pilipinas, ang pagtuturong *out-of-field* ay isinasagawa rin ng mga paaralang pampribado at pampubliko kung saan dulot ito ng kakulangan ng guro na kwalipikado sa isang tiyak na disiplina. Ayon sa *School Personnel*

*Assessment List and Basic Profile of Secondary Schools for 2016*, ang bahagdan ng pagtuturong *out of field* ay tinatayang 29.8% (Bayani at Guhao, 2017). Marami na ang bilang na ito na maaaring makaapekto sa kalidad ng pangkalahatang sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

Ang pagtuturong *out-of-field* ay taliwas sa misyon ng Kagawaran ng Edukasyon na protektahan at itaguyod ang karapatan ng bawat Pilipino na magkaroon ng edukasyong (basic education) may kalidad, pantay, at kompleto para sa mga mag-aaral at guro (DepEd Order 36, s. 2013). Ipinapakita lamang nito ang kabiguan ng mga administrador ng Kagawaran ng Edukasyon na magkaroon ng *quality assessment at assurance* sa pagpili ng guro. Ayon kina Malek at Mishra (2016), ang *quality assessment at assurance* sa programang edukasyon ay nakatuon sa internal at eksternal na pagtataya sa pangkalatahang pagtatamo ng bawat guro at institusyon sa tulong ng mga nakatalagang pamantayan.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri at mailarawan ang karanasan ng mga gurong Filipino na *out-of-field* ng Cebu (isang syodad sa ating bansa). Tiniyak nitong masuri ang sumusunod: suliraning naranasan, positibong karanasan at *survival mechanism* ng mga nasabing guro. Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil ito ay magbibigay-daan sa Kagawaran ng Edukasyon sa pagbuo ng plano sa pag-implementa ng patnubay sa pagbibigay ng angkop na posisyon ng mga gurong natanggap o matatanggap.

**Ang Penomenang *Out-of-field* na Pagtuturo**

Ayon kay Ingersoll (2019), ang pagtuturong o*ut-of-field* ay isang penomena na ang guro ay itinalaga sa isang disiplina na wala siyang sapat na kasanayan at kulang ang kanyang kwalipikasyon. Kaya, ang ganitong sistema ng pagtuturo ay nangangailangan ng pagsasanay. Sa katunayan, ang pagtuturong walang pormal na pagsasanay ay hindi puwede

o ipinagbabawal subalit, hindi na ito pinaglalalaanan nang pansin dahil sa ito ay pangkaraniwan na lamang (Hobbs, 2015). Ibig sabihin nito, hindi na pinupuna ang *out-of-field teaching* kahit na walang sapat na kasanayan ang isang guro na magturo sa ibang disiplina. Dagdag pa ni Darling-Hammond (2010), ang gurong walang pagsasanay, walang karanasan at temporaryo ay may negatibong impluwensya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto at madalas nakakalikha ng isang kaligiran kung saan ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng mga maling pagkatuto.

Sa kabilang banda, Ipinakita naman sa pag-aaral Du Plessis, Carroll at Gillies (2017) na hindi problema sa kakulangan ng guro ang naging sanhi nito kundi may kaugnayan ito sa desisyong ginagawa ng mga namamahala sa mga paaralan at nakasalalay din ito sa kanilang pagbuo ng polisiyang nauukol dito. Natukoy din sa pag-aaral nina Pacana at mga kasamahan (2019), na nagpapatuloy ang pagtuturong *out-of-field* dahil bigong makita ng mga namamahala sa paaralan ang problemang dulot nito. Ang kakulangan ng guro sa iilang disiplina tulad ng Filipino, *Technology*, *Livelihood Education* at *Social Studies* ay ang pinagmulan ng problemang ito. Mula sa mga naging pahayag nina Du Plessis, Carroll at Gillies (2017) at Pacana at mga kasamahan (2019) mahihinuha ang pagkakapareho ng mga dahilang nakita nila sa problema ng pagtuturong *out-of-field*. Ipinapahiwatig lamang nito ang malaking papel na ginagampanan ng mga namamahala sa mga paaralan sa pagresulba ng ganitong sistema.

Isa sa mga maging kahinatnan ng pagtuturong *out-of-field* ay ang mabilisang pag-alis ng mga guro sa kanilang pinagtatrabahuan dulot ng hindi pagkakontento at pagkasiya sa kanilang ginagawa o trabaho. Nag-iiwan ito ng kabiguan sa mga guro at ito ay magiging siklo sa mga institusyong patuloy na yumayakap sa ganitong kalakaran (Sambe, 2015).

**Sagabal sa Pagtuturong *Out-of-field***

Ang pagtuturong *out-of-field* ay nagsisilbing sagabal sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa paksang kanilang pinagtutuonang-pansin. Ito ay nakakapagkompromiso sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lumabas sa pag-aaral ni Hobbs (2015) na ang pagtuturong *out-of-field* ay nagdadala ng negatibong impak sa mga mag-aaral na nagdudulot ng mababang marka ng kanilang pagtatamo. Sanhi ito sa kakulangan ng guro ng kaalaman sa paksa. Dagdag pa niya na ang gurong walang angkop na pagsasanay ay maaaring umasa lamang sa mga paraang tradisyunal at hindi epektibo kaya maaaring hindi sila gaanong nakatutulong sa mga mag-aaral. Ang malubha pa nito, nakapagdudulot ito ng pagbaba ng tiwala sa sarili ng isang guro dahil nasa sitwasyon siyang hindi siya pamilyar sa kanyang mga itinuturo.

Ang pagtuturo sa ibang disiplina ay nakakaapekto sa *self-efficay* ng mga guro (Hobbs, 2012). Dagdag pa ni Donaldson at Johnson (2010), ang pagtuturong out-of-field ay mahirap at *stressful* para sa kanila kaya ito ang nagiging dahilan ng kanilang mabilisang pag-alis sa kanilang trabaho. Sa kabilang banda naman, maraming mag-aaral na produkto ng pagtuturong *out-of-field* ay nagpapakita ng mababang antas ng *self-concept* (Porsch at Wendt, 2015). Mababa rin ang kanilang akademikong pag-unlad dahil dito (Clotfelter et al., 2010). Ibig sabihin nagkakaroon ng negatibong dulot ang pagtuturong *out-of-field* sa mga guro at mag-aaral.

Ang makabuluhang pagtuturo at pagkatuto ay nagiging malabo kung ang mga mag-aaral ay nadadala ng kanilang takot o pagdududa na dala ng pagtuturong *out-of-field* (McInerney, 2013). Ang gampanin ng guro sa pagtatagumpay sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay naaapektuhan sa kakulangan ng kaalaman at kasanayan sa asignaturang iniatas (Goodwin, 2010)

Batay sa mga inilahad na mga kaugnay na pag-aaral, mahihinuha na nagdudulot ng suliranin ang pagtuturong *out-of-field*.

**Hamong dala ng Pagtuturong *Out-of-Field* sa mga Guro**

Ang pagtuturong *out-of-field* ay nagdadala din ng hamon sa mga guro na hindi lamang magpabilanggo sa takot na dala nito. Kailangan din nilang maging mapamaraan para malagpasan o masolusyunan ito. Ayon nga kay Johnson (2015) na ang mga guro ay kailangang maging malikhain sa pagtanggap at paghahanda sa malamlam at *monotonous* na layuning pampagkatuto at gawin itong kaakit-akit sa mga mag-aaral. Maaari silang makahingi ng payo at karagdagang kaalaman sa internet at mga ekspertong kasamahan sa opisina.

Nagsisilbi ring oportunidad sa pagkatuto ang pagtuturong *out-of-field*. Ang pagkakaroon ng sopistikadong kaalaman at pagbuo ng mga bagong pagsasanay na kabaliktaran sa mga nararanasan ng guro ay oportunidad ng mga sa pagkatuto ng mga bagong pedagohikal na ideya. Ang guro ay epektibong natuto sa pamamagitan ng patatanong, pag-aaral, at pakikipagtulungan sa ibang mga guro (Bayani at Guhao, 2017).

Hamon din sa guro ang pagtuturong *out-of-field* na maging *flexible*. Ayon nga kay Christenbury (2011), ang pagiging *flexible* ay ang pagkakaroon ng kakayahang umakma at tumugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa iba't ibang konteksto.

May mga pag-aaral hinggil sa pag-aaral sa pagtuturong *out-of-field* na inilahad sa itaas pero ang pagbibigay tuon sa disiplina ng Filipino sa konteksto ng Cebu ay wala pang nakapagbibigay-tuon. Kahit na ang pagtuturong *out-of-field* ay isa ng realidad sa mga silid-aralan, wala pa ring gaanong nagsasaliksik patungkol dito. Kaya, masasabing ang pag-aaral na ito ay napapanahon

para rin mapakinggan at marinig ng mga namamahala ng mga paaralan ang problemang kanilang nararanasan sa pagtuturong *out-of-field.*

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teoryang *Human Capital* ni Becker mula sa pag-aaral nina Tan, Sheng at Ramos (2016) na nagpapaliwanag sa penomenang *mismatch education.* Isinasaad nito na ang kasanayang natamo ng isang tao sa kanyang pinag-aralan ay nagbibigay-daan tungo sa mataas na produktibo sa kanyang ginagawa ngunit bumababa naman ang kanyang pagtatamo kung hindi akma sa kanyang trabaho ang kanyang kasanayan at kaalaman. Dagdag pa nito, mababa rin ang antas ng pagkakontento ng tao sa kanyang trabaho sa pagkakaroon dahil sa nangyayring *mismatch*. Naniniwala rin ang mananaliksik na mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagtuturong *out-of-field* upang makita rin ang problemang dulot nito na nakakaapekto sa kalidad ng edukasyon ng bansa.

## Layunin ng Pananaliksik

Sinuri sa pag-aaral na ito ang kuwentong buhay ng limang kalahok bilang gabay sa pagbuo ng isang *exhaustive description* ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field* sa mga pampublikong paaralan sa Cebu. Nilayon din nito na masuri ang suliraning naranasan, positibong karanasan at ang *survival mechanism* ng mga partisipante sa pagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field*.

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Sa pagsusuri sa datos, ginamit ng pag-aaral na ito ang *Husserlian Descriptive Phenomenology at Colaizzi's Seven Steps of Data analysis* sa paglalarawan at pagsusuri sa karanasan ng mga gurong *out-of-field.* Ang deskriptibong

penomenolohiya ay itinatag ni Edmund Husserl na naglalayong magdiskubre, gumalugad at magpaliwanag sa kahulugan o esensya ng isang tiyak na phenomena na binigyang tuon (Pereira, 2012).

**Partisipante ng Pag-aaral**

Ang mga partisipante ng pag-aaral na ito ay pinili gamit ang *purposive sampling design*. Sa ganitong uri ng sampling, pinipili ng mananaliksik ang mga partisipante ayon sa pangangailangan ng pag-aaral (Black, 2010). Ang napiling partisipante ang magiging presentasyon ng buong populasyon ng pag-aaral (pakitingnan ang apendiks). Pinili ang mga partisipante ng pag-aaral na ito ayon sa sumusunod na inklusibong kriterya: (a) gurong nakapagtapos ng *Bachelor of Secondary Education* na nasa wastong gulang; (b) gurong out-of-field na nagtuturo ng Filipino sa paaralang pampubliko ng Cebu; (c) nagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field* sa loob ng dalawang taon pataas; (d) boluntaryong makikilahok sa pag-aaral ng walang pagdadalawang-isip.

**Instrumento ng Pag-aaral**

Ang instrumentong ginamit ay binubuo ng dalawang bahagi – ang unang bahagi ay may kaugnayan sa personal na propayl ng mga kalahok at isang pangunahing *open-ended question* na may dalawang sub-kategoryang tanong: (1) Ano ang iyong karanasan sa pagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field*? (1.1) Ano-ano ang mga pagsubok na iyong naranasan at paano mo ito hinarap? (1.2) Ano-ano naman ang positibong naranasan mo sa pagtuturong *out-of-field*? Samantala, ang ikalawang bahagi ay ang panayam. Ang kanilang tugon ay inirekord gamit ang awdyo-teyp. Ginawa ang panayam sa mga partisipante sa libreng oras nila. Ang mga instrumentong ito ay ipanabalida sa isang propesor na nagtuturo ng doktorado at mga instraktor na nagtuturo ng wika, panitikan at pananaliksik.

**Mga Hakbang ng Pag-aaral**

Sa pagkamit ng mga layunin ng pag-aaral, limang gurong *out-of-field* ng Filipino ang kinapanayam ng mananaliksik. Isinaalang-alang ang etikal na konsiderasyon sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot sa mga partisipante. Binigyan sila ng *consent form* bago naganap ang panayam. Pinalitan ng titik (A, B, C, D, E) ang mga pangalan ng kalahok upang mapanatiling *confidential* ang kanilang pagkakakilanlan. Bago isinagawa ang panayam ay ipinaliwanag muna sa mga partisipante ang layunin ng pag-aaral. Kasunod nito ang pakikipanayam kung saan inirekord ang kanilang mga sagot gamit ang awdyo-teyp. Matapos ang panayam ay nagkaroon ng transkripsyon sa kanilang mga sagot. Bilang pagsiguro sa *data privacy*, matapos ang buong transkripsyon ng awdyo-teyp ng mga partisipante ay binura ang mga ito. Sinundan ang transkripsyon ng pag-analisa sa mga datos gamit ang *Colaizzi's (1978) analytic method* kung saan konsistent sa *Husserl's descriptive phenomenology*. Ang proseso ay nagtataglay ng pitong hakbang na inilahad sa ibaba:

1. Pagbabasa sa lahat ng deskripsyon (protokol) para magkaroon ng pag-unawa sa kalagayan ng mga partisipante.
2. Pagkuha sa mga makabuluhang pahayag.
3. Pagbabalangkas o pagbuo ng pagpapakahulugan mula sa mga makabuluhang pahayag.
4. Pagsaayos ng mga nabuong pagpapakahulugan ayon sa mga klaster na tema.
5. Pagkakaroon ng integrasyon sa resulta sa buong o komprehensibong deskripsyon ng paksang sinusuri.
6. Pagbuo ng komprehensibo o *exhaustive* deskripsyon ng penomena.
7. Pagpapabasa sa mga respondente ng nabuong deskripsyon sa kanilang karanasan at hiningi ang kanilang suhestiyon o reaksiyon upang maisaayos ang anumang kakulangan.

## Mga Natuklasan

Matutunghayan sa bahaging ito ang mga kinalabasan ng pagsusuri sa karanasan ng mga gurong *out-of-field* na hinati sa apat na tema.Ginamit ang mga pangalang partispante A, partisipante B, partisipante C, partisipante D at partisipante E upang maprotektahan at mapanatiling lihim ang kanilang pagkakakilanlan.

**Klaster na Tema 1: Labag sa Kalooban**

Hindi naging madali ang pagtanggap ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field.* Para kay partisipante A, hindi niya gusto ito sapagkat hindi siya eksperto sa asignaturang Filipino. Dagdag niya, hindi patas para sa kanya sapagkat kinuha ang kanyang kalayaang magturo sa disiplinang medyor niya. Wala na din siyang panahon na pag-aralan ito sa bahay dahil may mga anak pa siyang tinuturuan. Para naman kay partisipante C, nalungkot siya nang malamang magtuturo siya ng Filipino dahil hindi niya kabisado ang asignaturang ito lalong-lalo na sa midyum ng pagtuturo nito. Nakakapagod naman para kay partisipante D ang pagtuturong *out-of-field* dahil ipinapahiwatig nito ang paglalaan ng panahon para sa paghahanda, pag-aaral sa paksa at pedagohiya sa pagtuturo sa Filipino. Para naman kay partisipante E, nararamdaman niyang parang wala na siyang magagawa sa kanyang sitwasyon o *helpless* siya sapagkat hindi niya alam kung paano niya tutulungan ang mga mag-aaral niya. Pareho silang nagsabi na tinanggap nila ito dahil bahagi ito ng kanilang trabaho at bilang pagpapakita na rin ng paggalang sa nakatataas kahit na labag ito sa kanilang kalooban.

**Klaster na Tema 2: Balakid sa Pagtuturo**

Si partisipante A na may medyor sa pagtuturo ng Ingles ay nahihirapan pa rin sa pagtuturo ng Filipino kahit na dalawang taon na siya rito sapagkat hindi pa rin siya komportable sa

paggamit ng wika at wala pa rin siyang sapat na kaalaman sa asignaturang ito. Dagdag niya hindi sapat ang dalawang taon para makabisado niya lahat. Ganito rin ang naranasan ni partisipante B na may medyor rin na Ingles at may dalawang taon ding karanasan sa pagtuturo ng Filipino. Nahirapan siya sa paggamit ng wikang Filipino. Dagdag pa niya, hindi rin niya tiyak ang kaangkupan ng mga paksang itinuturo niya. Ingles kasi ang nakasanayan niyang pag-aralan at ituro. Nag-aalangan namang magturo si partisipante C ng Filipino na ang medyor ay Matematika dahil hindi siya bihasa sa paggamit ng wikang Filipino na midyum ng pagtuturo at takot din siyang makapagbigay ng maling nilalaman sa kanyang mga mag-aaral. Dagdag pa niya, sa tatlong taon niyang pagtuturo nito ay nahihirapan pa rin siyang sanayin ang asignatura dahil halo kasi ang tinuturo niya, Filipino at Math. Para naman kay partisipante D na may medyor na Science, nahirapan din siya sa pagtuturo ng Filipino lalong-lalo na kailangan niya pang pag-aralan ang nilalaman o paksa pati na ang estratehiya sa pagtuturo nito. Hindi naman tiyak si partisipante E na may medyor na Ingles kung tama ba ang kanyang mga tinuturo at kung naunawaan ba siya ng mga mag-aaral niya sa Filipino. Dagdag pa niya, wala siyang mga dating kaalaman sa Filipino na makatutulong sa kanyang pagtuturo sa Filipino. Pareho ang naging hamon ni partisipante D at E kahit na dalawang taon na sila sa pagtuturo sa pampublikong paaralan. Nahihirapan pa rin talaga sila rito.

**Klaster na Tema 3: Paraan sa Paglagpas ng Hamon**

Para malampasan ni partisipante A ang hamon na dulot ng pagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field*, hindi na lamang niya ito iniisip sapagkat naniniwala siya na panandalian lamang ito at darating ang panahon na makapagturo rin siya ng naaakma sa disiplina o medyor niya. Nagtatanong o kumukonsulta naman si partisipante B sa mga mas nakakaalaman sa asignatura kapag nahihirapan siya sa paksa. Maliban dito,

nagsasaliksik at nagbabasa rin siya sa tulong ng internet. Ganito rin ang ginawa ni partisipante C. Nagtatanong siya sa mga kasamahan niyang eksperto sa Filipino at nagsasaliksik siya sa internet para mapalawak kaalaman niya. Para naman kay partisipante D, kailangan lamang tanggapin at yakapin ang hamon at harapin ang kahit anong opoturnidad na darating. Dagdag pa niya, napakahalaga ng pagkakaroon ng positibong pag-uugali sa bawat gawain. Napakahalaga naman para kay partisipante E ang pagbabasa nang maraming aklat o sanggunian para mapalawak pa ang kaalaman. Hindi rin siya nahihiyang magtanong sa mga kasamahan niya na mas may kaalaman sa Filipino. Dagdag pa niya, nagtatanong din siya sa kanyang asawa na isa ring guro sa Filipino.

### Klaster na Tema 4: Benepisyo ng Pagtuturong *Out-of-field*

Apat sa mga partisipante sa pag-aaral na ito ang nakakita ng benepisyo sa pagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field*. Para kay partisipante B, nalilinang at napapalawak ang kanyang kasanayan sa pagtuturo ng Filipino. Nagbibigay naman ito ng motibasyon na matuto pa para kay partisipante C. Dagdag pa niya, nagbibigay ito nang hamon sa kanya na maging epektibo pang guro. Nakita naman ni partisipante D ang adbentahe ng pagtuturong *out-of-field* sapagkat nagbibigay ito ng dagdag kaalaman sa kanya lalong-lalo na sa disiplinang hindi niya medyor. Dagdag pa niya, oportunidad ito sa pagpapalawak ng kaalaman at para sa kanya, mahalaga bilang guro ang pagkakaroon ng malawak saklaw sa pagtuturo. Ganito rin ang nakita at naranasan ni partisipante E kung saan natututo siya ng mga bagong kaalaman sa pagtuturong *out-of-field*. Dagdag pa niya napapatibay rin nito ang ugali ng guro sa pagtuturo. Hinahamon nito ang guro na maging *flexible*.

## Pagtatalakay

Batay sa pagsusuring ginawa sa karanasan ng mga gurong *out-of-field* na nagtuturo ng Filipino, apat sa partisipante ang nakadama nang mabigat na damdamin sa pagtanggap at pagdanas ng pagtuturong *out-of-field*. Narito ang pahayag ng ilang partisipante:

> *"Hindi ko ito gusto, I hate it. It's been the second year already and aside from, it's out of field because I'm actually an English teacher. I feel it's a deprivation on my part because I really want to teach my field. I don't also have the time to study on it at home because I have to take care of my child. – [1]"*

> *"To be honest sir, when they told me na I will be handling Filipino 7, I was a bit sad because aside na malayong-malayo siya sa major ko ay hindi ako kagalingan sa wikang Filipino. – [2]"*

Hindi naman madali para sa mga guro ang pagtanggap ng ganitong trabaho. Hindi nila maiwasang madismaya, mapagod at malungkot sa ganitong pamamaraan. Inilahad nina Kola at Sunday (2015), ang pagtuturong *out-of-field* ay nakakaimpluwensya hindi lamang sa pagkatuto ng mga mag-aaral kundi pati sa sa *self-efficacy* ng guro. Dagdag pa niya sa pagbaba ng antas ng *self-efficacy* nawawalan ang guro ng tiwala sa sarili na sanhi ng pag-ayaw o pagka-stress sa trabaho.

Tinalakay naman nina Groundwater-Smith at mga kasamahan (2011), ang komplikadong mga pangyayari sa silid dulot ng pagtuturong *out-of-field* ay nagdudulot ng pagkabalisa at pagkapagod sa mga guro.

---

[1] hinalaw sa salaysay ni partisipante A

[2] sinipi mula sa salaysay ni partisipante B

*Ginamit ang mga titik upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga partisipante sa pag-aaral.

Mula sa pagtatalakay nina Kola at Sunday (2015) at Groundwater-Smith at mga kasamahan (2011), mahihinuha rito ang epekto ng pagtuturong *out-of-field* sa emosyonal na aspeto ng isang guro kaya napakahalaga talagang mabigyan ito ng tuon para maiwasan ang mga ganitong suliranin ng guro.

Ang limang partisipante naman ay parehong nakaranas ng balakid sa pagtuturong *out-of-field.* Isa sa nagpapahirap sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ay ang paggamit ng wika. Maliban dito, balakid din sa kanila ang kakulangan ng kaalaman sa nasabing asignatura kahit na higit sa isang taon na nila itong tinuturo. Narito ang ilang pahayag ng mga partisipante:

> *"Ang pagtuturo ay talagang mahirap lalong-lalo na nang binigyan ako ng Filipino sa unang pagkakataon. Talagang nahirapan ako sa pagtuturo sa asignaturang Filipino dahil natatakot akong baka hindi ko mabigyan nang sapat at angkop na impormasyon ang mga mag-aaral ko. Ang dalawang taong pagtuturo ko sa asignaturong ito ay hindi rin sapat para makibasado ko lahat ang tungkol asignaturang ito." – [2]*

> *"Ang sa mga negatibong pangyayari naman ay there is always like a language barrier between me and my students kasi diba you should speak in Tagalog while teaching but then I am more fluent in English dahil ito ang medium ng Math na major ko so instead na mas ipopromote ko yung pagsasalita ng wikang Filipino parang hindi ako masyadong naging effective. Next is it was so hard for me to explain and*

[2] hinalaw sa salaysay ni partisipante B

*Ginamit ang mga titik upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga partisipante sa pag-aaral.

*communicate to them kasi I am afraid that I might teach them wrong. Instead of being confident I was always hesitant. – [3]"*

Hindi gaanong nabibigyang lalim ng mga guro ang paksa sa Filipino na kanilang tinuturo dahil hindi sila eksperto rito. Ayon kay du Plessis (2018), ang pagtuturong *out-of-field* ay nakawawala sa kumpiyansa sa guro sa pagtuturo dahil sa kakulangan nila ng kaalaman at kasanayan sa paksa at asignaturang tinuturo nila. Ang pinagsamang gap sa propesyunal na identidad at kasanayang pedagohiya ay repleksyon sa kawalan ng *sense of belongingness* sa asignatura at konteksto ng mga guro na nakakaapekto sa pagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga kasanayang naaapektuhan ay ang komunikasyon, kooperasyon, pamamahala at sensibilidad sa kaligiran ng pagkatuto at pagtuturo (Du Plessis, 2018). Ibig sabihin, hindi na komportable ang guro sa kanyang pagtuturo dahil hindi sapat ang kanyang kasanayang taglay rito.

Ang kakulangan ng kasanayan sa paggamit ng wika o midyum ng pagtuturo ay nakakaapekto sa pagbibigay ng kaalaman o impormasyon sa mga mag-aaral. Ayon kay Ho (2014), ang epektibong komunikasyon ng guro ay kailangang nakakasuporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa lahat ng asignatura. Higit pa ang ang komunikasyong ito sa pagbigkas, intonasyon o artikulasyon sapagkat kailangang bigyan diin din niya ang konteksto at layunin ng kanyang pagtuturo sa mga mag-aaral.

Pinapatunayan lamang ng pag-aaral nina Du Plessis (2018) at Ho (2014) na ang pagtuturong *out-of-field* ay nagdudulot ng balakid o suliranin sa mga guro at sa mga mag-

[3] sinipi mula sa salaysay ni partisipante C

*Ginamit ang mga titik upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga partisipante sa pag-aaral.

aaral na nakaaapekto na buong proseso sa pagbuo ng isang maalam na mag-aaral. Ang mga namamahala sa gobyerno ay kailangang magkaroon ng hakbang na matugunan ang mga balakid na nararanasan ng mga guro hinggil sa usaping ito.

Mahihinuha naman sa mga pahayag ng mga partisipante na bawat isa sa kanila ay may kanya-kanyang paraan sa paglagpas ng hamon. Mababasa sa ibaba ang pahayag ng ilang partisipante.

> *"Dahil ito ay trabaho, kailangan kong mag-adjust at isa sa paraan ng pag-adjust ko ay ang pagyakap sa mga pagsubok, pagharap sa mga oportunidad at pagdarasal sa Poong Maykapal. Hinarap ko ito nang may positibong pag-uugali rito at hindi talaga ako nagreklamo dahil alam kong bahagi ito ng trabaho at isa sa mga paraan sa pagresulba nito ay ang pagharap sa mga problemang ito at pagdarasal."- [4]*

> *"Ang ginawa ko para makalampas sa mga hamon ay ang pagbabasa nang maraming babasahin, nagtanong-tanog din ako sa ilang kasamahan sa trabaho at magbasa patungkol mismo sa asignaturang tinuturo ko. Nagtanong din ako sa aking asawa dahil isa siyang guro sa Filipino." – [5]*

Kahit na nakaranas ng mga suliranin ang mga guro sa pagtuturong *out-of-field,* hindi naman ito naging balakid para sa kanila na maghanap ng paraan para malampasan o maibsan ito. Para sa kanila, dapat maging *well-rounded* ang isang guro at handa palagi sa kahit anumang ibigay sa kanila. Ganito rin ang naging pahayag Ponsaran (2017), na ang mga

[4] hinalaw sa salaysay ni partisipante D

[5] sinipi mula sa salaysay ni partisipanet E

*Ginamit ang mga titik upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga partisipante sa pag-aaral.

Pilipino ay nagpapakita ng kawilihan at handang iangkop ang sarili sa iba't ibang sitwasyong nararanasan.

Ayon kay Kelly (2016), ang pagkakaroon ng ugaling umangkop ng mga guro ay mahalaga hindi lamang sa pagpapababa sa antas ng stress ng mga guro kundi maging sa mga mag-aaral na umaasa sa kanilang guro na mamahala at kumontrol sa iba't ibang sitwasyon.

Sa mga pagtatalakay nina Ponsaran (2017) at Kelly (2016) ipinakita lamang nito ang kakayahan ng mga gurong Pilipino na handa sa sitwasyon na kanyang kinakaharap. Napakahalaga nito hindi lamang mekanismo ng survival bagkus ito rin ang depinisyon ng isang tunay na *well-rounded* na guro.

Lutang naman sa mga salaysay ng apat sa mga partisipante ang benepisyo na nakita nila sa pagtuturong *out-of-field*. Narito ang ilang pahayag ng mga partisipante:

> *"Ang positibong dulot ng pagtuturo ng Filipino ay nahahasa ko pa ang aking kasanayan dito sa tulong ng mga materyales na may kaugnayan sa asignaturang ito. Dagdag pa nito, ang pagtuturong-out-field ay gawaing puno ng pagsubok pero ito naman ay fulfilling sa pakiramdam sapagkat napapalawak nito ang iyong saklaw at kaalaman." – [2]*

> *"Natuklasan ko na ang pagtuturo ng iba't ibang asignatura ay nakatutulong na maging maalam ako sa iba't ibang paksa o konsepto lalo-lalong hindi ko ito medyor. Ang ibig sabihin ko rito ay may karagdagang impormasyon o kaalaman sa gawaing ito." – [4]*

[2] hinalaw sa salaysay ni partisipante B

[4] sinipi mula sa salaysay ni partisipante D

*Ginamit ang mga titik upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga partisipante sa pag-aaral.

> *"Natuto ako ng mga bagong bagay. Natutunan ko ang tungkol sa Filipino. Ito ay isang magandang pagkakataon na mapaunlad o mahasa ang bagong kasanayan at ang pag-uugali ko bilang guro. Mahalaga na ang guro ay maging flexible at may bukas na isipan na gawain ang iba't ibang nakaatas na gawain." – [5]*

Nakita rin ng mga partisipante ang positibong dulot ng pagtuturong *out-of-field*. Pinapalawak nito ang kanilang kaalaman at kasanayan mula sa isinagawa nilang mga kaparaanan sa paglampas sa hamon nito. Ayon kina Bayani at Guhao (2017), natututo nang maayos ang guro sa pamamagitan ng pag-aaral, pagsasakilos ng mga gawi at sa tulong ng repleksyon. Dagdag pa niya, ang pakikipagtulungan sa ibang guro, pagsusuri sa mga gawa ng mga mag-aaral at pagbabahagi ng sariling kaalaman ay nagpapalawak sa kasanayan at kaalaman ng isang gurong nasa pagtuturong *out-of-field.*

Ang paghahanap ng guro ng paraan na makalampasan ang ganitong kondisyon (pagtuturong *out-of-field*) ay kritikal hindi lamang sa kanilang pagsasanay kundi pati sa kanilang propesyonal na pag-unlad (Hobbs, 2012).

Ang mga pahayag nina Bayani at Guhao (2017) at Hobbs (2012) ay nagpapakita na ang pagtuturong out-of-field ay isa ring oportunidad upang mapaunlad ang sariling kakahayan at kasanayan bilang guro. Ipinapahiwatig din nito na ang guro ay kailangang magsikap pa na mapalawak ang kalaaman at hindi makulong sa iisang disiplina.

---

[5] hinalaw sa salaysay ni partisipante E

*Ginamit ang mga titik upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga partisipante sa pag-aaral.

## Exhaustive Deskripsyon sa Karanasan ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang *Out-of-Field*

Bilang tugon sa layunin ng pag-aaral, nabuo ang *exhaustive* deskripsyon o komprehensibong paglalarawan sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field. Ang deskripsyong ito ay nakabatay sa mga temang nabuo na mababasa sa resulta ng pag-aaral na ito.

## Ang Danas ng Gurong *Out-of-Field*

Bilang isang guro, mahirap ang magturo ng isang disiplina na hindi napag-aralan. Ganito ang buhay ng isang gurong *out-of-field*. Ang gurong hindi handa sa ganitong pamamaraan o estilo ng pagtuturo ay hindi maganda ang pagtanggap sa ganitong pagtuturo. Nagdudulot ito sa kanila ng lungkot, pagkabalisa at pagod. Nawawalan ang guro minsan ng kalayaan na ituro ang asignaturang kanyang dinalubhasa o pinag-aralan.

Maliban sa bigat ng damdaming dulot ng pagtuturong *out-of-field,* puno rin ito ng suliranin o hamon. Ang suliraning ito ay dulot ng kakulangan ng kaalaman at kasanayan sa paksa o asignaturang itinuturo, ang Filipino. Hindi ito naging madali sa kanila sapagkat puno sila ng agam-agam hinggil sa magiging resulta ng kanilang ginagawa at may pagdududa rin sila sa kanilang sariling kakayahan. Wala silang kumpiyansa na gawin ang kanilang trabaho dahil unang-una, hindi nila kabisado ang midyum ng pagtuturo at pangalawa, hindi sapat ang kaalaman nilang pangnilalaman at pangpedagohiya sa pagtuturo ng Filipino.

Sa kabilang banda naman, dahil sinubok sila ng pagkakataon at binigyan na sila ng trabahong ito, ang mga gurong ito ay naghanap ng paraan para hindi sila makulong sa paghihirap dala ng pagtuturong *out-of-field*. Ipinapakita ng mga gurong ito ang kakayahang umangkop sa iba't ibang sitwasyong kanilang kinakaharap. Upang matugunan nila ang

problemang dala ng pagtuturong *out-of-field*, nagsasaliksik sila sa internet, nagbabasa sila, nagtatanong sa mga mas nakakaalam na kasamahan at may isang hindi na lamang ito iniisip na problema sapagkat alam niyang panandalian lamang ito. Napakahalaga rin ng pagkakaroon ng positibong pananaw sa bawat trabaho upang hindi ito magdulot ng malaking problema sa pagtuturo.

Sa paghahanap ng mga kaparaanan upang malampasan ang balakid na dala ng pagtuturong *out-of-field*, nakita ng mga guro na ang ganitong sistema ng pagtuturo ay maaaring maging daan o tulay upang mapalawak pa ang kaalaman at kasanayan bilang guro. Nakita nila na ito ay oportunidad na magsikap pa para mas lumawig ang saklaw ng kaalaman upang hindi makulong sa iisang disiplina. Inihayag ng mga partisipante na napapatibay ng karanasang ito ang kanilang ugali bilang guro lalong-lalo na ang kanilang pasensya at pagtitiyagang mag-aral pa.

## Kongklusyon at Rekomendasyon

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri at mailarawan ang karanasan ng mga gurong o*ut-of-field.* Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang mga natuklasan ng pag-aaral dahil ipinakita nito ang dulot na impluwensya ng pagtuturong *out-of-field* na nakakaapekto sa kalidad ng pagtuturo ng guro.

Natuklasan sa pag-aaral na ang pagtuturong *out-of-field* ay may negatibong dulot sa emosyonal na aspekto ng guro. Nagbibigay rin ito sa kanila ng suliranin at balakid na maging epektibo. Subalit, sa kabila ng mga pagsubok ay nagsikap sila na umangkop sa iba't ibang sitwasyong kanilang kinakaharap. Sa kabilang banda, ang karanasang ito ay nagdudulot ng benepisyo sa mga guro dahil napapalawak nito ang kaalaman at kasanayan nila sa ibang disiplina.

Tulad ng inilahad ng teoryang *Human Capital* mula sa pag-aaral nina Tan, Sheng at Ramos (2016), nakakaapekto

sa pagiging produktibo ng isang tao ang hindi akmang kasanayan sa nakuhang trabaho. Nakababawas din ito sa antas ng pagkakontento sa ginagawa ng isang tao. Kung gayon, pinagtibay lamang ng pag-aaral na ito na ang pagtuturong *out-of-field* ay nakakaapekto sa kalidad ng edukasyon ng isang institusyon.

Kailangang maunawaan ng mga guro at ng mga namamahala sa paaralan ang kalikasan ng pagtuturong *out-of-field* sapagkat kung hindi ito mabibigyang-pansin hindi matutugunan ang problemang dala ng nito. Implikasyon din ito sa pagbisita muli sa pag-implementa ng patakaran *(policy)* sa proseso ng pagtanggap ng gurong kailangan o recuitement process ng isang institusyon.

Sinasaklaw lamang ng pag-aaral na ito ang pagtuklas sa karanasan ng mga guro sa pampublikong paaralan ng Cebu na nagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field*. Ang datos ng pag-aaral ay limitado lamang sa mga tugon at karanasan ng mga partisipant. Kaya ang pag-aaral ay umiikot lamang sa resulta ng ginawang in-*depth interviews* ng mga gurong *out-of-field* sa Filipino.

Mula sa mga natuklasan, inirerekomenda ng mananaliksik sa mga namamahala sa mga paaralan na magkaroon ng tiyak na polisiya sa recruitment process lalong-lalo na ang pagsisiguro sa pagkakaroon ng wastong alignment sa medyor ng guro. Kaugnay nito, kailangang maikonsidera rin ang kawilihan ng guro sa pagtanggap ng pagtuturong *out-of-field.* Iminumungkahi rin ng mananaliksik, na kung hindi man maiiwasan pa ang pagtuturong *out-of-field*, magbigay ng mga pagsasanay, seminar-worksyap at iba pang gawaing pampaunlad sa mga gurong napili sa ganitong pagtuturo. Panghuli, mahalaga rin ang pagkakaroon ng gabay o supervision sa mga gurong *out-of-field* nang matiyak ang kawastuhan ng kanilang ginagawa.

Ipinanunukala rin ng mananaliksik na magsagawa ng mga pag-aaral na magbibigay-tuon sa mga aspektong hindi sakop ng kasalukuyang pag-aaral gaya ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagtuturong *out-of-field*, *support mechanism* ng mga administrasyon sa pagtuturong *out-of-field,* mentoring system sa pagtuturo at iba pang pananaliksik na may kinalaman sa kalidad ng edukasyon ng bansa.

■ ■ ■

## Talasanggunian

Bayani, R. T., & Guhao Jr, E. S. (2017). Out-of-field teaching: Experiences of non-Filipino majors. *International Journal of Education, 5*(11), 91-127.

Black, D. M. K. (2010). *Business statistics for contemporary*. Wiley.

Christenbury, L. (2011). The flexible teacher. *Educational Leadership*, 68(4), 46-50.

Clotfelter, C.T., Ladd, H.F., & Vigdor, J.L. (2010). Teacher credentials and student achievement in high school: A Cross subject analysis with student fixed effects. *Journal of Human Resources, 4*5(3), 655-681.

Colaizzi, P. F. (1978). Psychological research as the phenomenologist views it.

Darling-Hammond, L. (2010). Teacher education and the American future. *Journal of teacher education, 61*(1-2), 35-47.

DepEd. (2013). *O*ur Department of Education Vision, Mission and Core Values (DepEd VMV). *DepEd Order no. 36 series of 2013.*

Donaldson, M. L., & Johnson, S. M. (2010). The price of misassignment: The role of teaching assignments in Teach for America teachers' exit from low-income

schools and the teaching profession. *Educational Evaluation and Policy Analysis,* 32(2), 299–323.

Du Plessis, A. E., Carroll, A., & Gillies, R. M. (2017). The meaning of out-of-field teaching for educational leadership. *International Journal of Leadership in Education,* 20(1), 87-112.

Du Plessis, A. E. (2018). The lived experience of out-of-field STEM teachers, a quandary for strategising quality teaching in STEM?. *Research in Science Education,* 1-35.

Goodwin, A. L. (2010). Globalization and the preparation of quality teachers: Rethinking knowledge domains for teaching. *Teaching Education, 21*(1), 19-32.

Groundwater-Smith, S., Ewing, R., & Le Cornu, R. (2011*). Teaching challenges and dilemmas.* South Melbourne: Cengage Learning Australia.

Hobbs, L. (2012). Teaching out-of-field: Factors shaping identities of secondary science and mathematics. Teaching Science: *The Journal of the Australian Science Teachers Association*, 58(1).

Hobbs, L. (2015). Too many teachers teaching outside their area of expertise. *The* Conversation, 13.

Ho, C. (2014). *The importance of effective communication*. Research Within. Retrieved from http://singteach.nie.edu.sg/issue50-people/.

Ingersoll, R. M. (2019). Measuring out-of-field teaching. (pp. 21-52). *Examining the Phenomenon of "Teaching Out-of-Field:" International Perspectives on Teaching as a Non-specialist.* Singapore: Springer.

Johnson, B. (2015). *"Creative teacher" is not an oxymoron. Edutopia*.

Kelly, M. (2016). *Topkeys to being a successful teacher.* Retrieved from http://712educators.about.com/od/teachingstrategies/tp/sixkeys.html.

Kim, E. G. (2011). Out-of-field secondary school teachers in Korea: Their realities and implications. *KEDI Journal of Educational Policy, 8(*1).

Kola, A. J., & Sunday, O. S. (2015). A review of teacher self-efficacy, pedagogical content knowledge (PCK) and out-of-field teaching: Focussing on Nigerian teachers. *International Journal of Elementary Education,* 4(3), 80-85.

Malek, M. A., & Mishra, L. (2016). Quality assurance in teacher education. *International Journal of Peace, Education and Development*, 4(1), 25-29.

McInerney, D. M. (2013). *Educational psychology: Constructing learning*. Pearson Higher Education AU.

Pacana, N. M. S. et. al. (2019). Out-of-Field Social Studies teaching through sustainable culture-based pedagogy: A Filipino perspective. *International Journal of Education and Practice,* 7(3), 230-241.

Pereira, H. R. (2012). Rigour in phenomenological research: Reflections of a novice nurse researcher. *Nurse researcher,* 19(3).

Ponsaran, C. (2017). *Changing shifts, changing tasks: How flexible Are Filipino outsourcing staff?,* Philippines: Rethink Staffing, Blog, Ilo-ilo. pp: 1.

Porsch, R., & H. Wendt, (2015). Social and science education by primary school teachers who majored in Biology versus a different subject. *ECER Conference.*

Ramsay, M. C. (2013). Out-of-field teacher credentials 2010–2012.

Sambe, M. (2015). Out-of-field teaching. The African perspective.

Tan, T. K., Sheng, Y. Z., & Ramos, C. (2016) Testing on the theory of education mismatch: evidence from PIAAC for twenty countries.

Weldon, P. R. (2015). *The teacher workforce in Australia: Supply, demand and data issues*. Camberwell VIC: Australian Council for Educational Research (ACER).

# Apendiks

## Demographic Profile ng mga Partisipante

| Partisipante | Edad | Gender | Medyor | Lokasyon ng Pinagtuturuan | Taon sa pagtuturo bilang *out-of-field* |
|---|---|---|---|---|---|
| A | 36 | F | English | Cebu City | 2 |
| B | 34 | M | English | Mandaue City, Cebu | 2 |
| C | 28 | F | Math | Catmon, Cebu | 3 |
| D | 25 | M | Science | Lapu-Lapu City, Cebu | 2 |
| E | 29 | M | English | Consolacion, Cebu | 2 |